
2. Itatala ang katayuang pangkabuhayan at panglipunan ng mga kasapi sa pamamagitan ng pagtatanong at pagmamasid.

3. Kukunin ang impormasyon ukol sa panahon at klima lalung-lalo na ang tungkol sa ulan.

4. Igagawa ng plano ang kabuuan ng lupain ayon sa lupa at antas ng pagkadahilig at ang mga nararapat na pananim, gayundin ang mga uri ng mga halaman sa anong panahon at saang lugar dapat itanim ang mga ito . Ipapayo ang uri, dami kailan at paraan ng paggamit ng abono o pataba.

Ang mga pamamaraan laban sa pagka-agnas ng lupa sa tama ng ulan at sa pagdaloy ng tubig patungo sa mababang parte ay kasama rin sa plano.




5. Pangangasiwaan ng BSWM ang pagsasalupa ng mga nasasaad sa plano.

6. Magsasagawa ng pagsasanay ng mga lupa, halamanan at paghahalaman at ukol sa maayos na pamamaraan na pagagamit ng lupain, tubig at abono.



**Mga Karapatan at Pananagutan ng mga Kasapi:**

1. Magbuo ng kapisanan na ipatatala/irerehistro sa SEC o CDA.

2. Susundin ang mga rekomendasyon na nasa plano, matapos mapagkasunduan ito, gayundin ang maayos at narapat na paggamit ng lupain laban sa pagkaagnas ng lupa at pagkawala ng likas na taba nito.

3. Ang mga kasapi ang sasagot sa lahat ng gawain tungo sa pagsunod sa plano.

4. Ang mga kagamitan, mga hayop, mga pananim at pataba ay sagutin ng mga kasapi.

5. Lahat ng ani at iba pang pakinabang bunga ng kasunduan at plano ay mapupunta sa mga kasapi.

6. Nasa mga kasapi ang pribilehiyo na magkonsulta at humingi ng tulong na teknikal sa BSWM hinggil sa mga bagay na may kinalaman sa pagtataguyod ng kasunduan at ng plano.

7. Maaari ng ipag-anyaya at ipaalam sa kapuwa magsasaka ang mga pamamaraan na natutuhan at nagawa ng mga kasapi.

**Soil Conservation and Management Division**
SRDC Building, Elliptical Road, Diliman, Quezon City 1100
**923-0459**

# Ano ang Guided Farm?






Department of Agriculture
**BUREAU OF SOILS AND WATER MANAGEMENT**

## Ano ang "GUIDED FARM"?

Ito ay isang gawain ng Bureau of Soils and Water Management (BSWM) upang tulungan ang mga magsasaka, lalung-lalo na ang mga nasa dahilig ng lupain na magamit ang mga pamamaraan na makakapagpaunlad ng ani at mapataas ang kita, maiingatan ang pagkaagnas ng lupa gayundin ang pagkasira ng kapaligiran.




## Ano ang mga layunin ng "GUIDED FARM"?

1. Mapabuti ang pangkabuhayan at panglipunang katayuan ng mga maliliit na magsasaka.
2. Mapanatiling masagana at kaayaaya sa kalusugan ang kapaligiran.
3. Mapigilan at mapahina sa pinaka-maliit na antas ang pagka-agnas ng lupa at paghina ng lupain.
4. Maisalin sa mga magsasaka ang mga kaalaman sa mga pamamaraan ng paghahalaman, pamamahala at tamang paggamit ng likas na yaman ng lupa at tubig sa mga dahilig na lugar.
5. Makapagtatag ng Training Center na pangangasiwaaan ng magsasaka.
6. Makapagsanay ng magsasaka na magpapalawig ng tamang paggamit at pamamahala ng dahilig na lugar sa lupang sakahan.

## Ano ang batayan sa pagpili ng "GUIDED FARM"?

1. Ang kinaroroonan ay madaling marating ng mga sasakyan.
2. Humigit kumulang ay napapagitna sa maraming sakahin na dahilig at sahod-ulan.
3. Ang pinagsama-samang maliliit at magkakaratig na sakahin ay may sukat na 15 hanggang 30 ektarya.
4. May 15 hanggang 20 magsasakang mag-anak ang gumagawa sa napiling Guided Farm.
5. Ang magsasaka ay sang-ayon na magbuo ng kapisanan na ipatatala sa Securities and Exchange Commission (SEC) o sa Cooperative Development Authority (CDA).
6. Ang mga kasapi ay payag makipagkasundo sa BSWM higgil sa Guided Farm na susundin ang mga nakasulat sa probisyon nito.




## Ano ang nasasaad sa kasunduan?

### Mga Karapatan at Panangutan ng BSWM:

1. Iimbistigahin ang mga likas na katayuan o katangian ng napiling pinagsama-samang lupain ng bawat kasapi . Imamapa ang mga uri ng lupa, mga matataas at mabababang parte ng lupain, mga daang tubig, mga kabahayan at iba pang mga likas na bagay at mga gawain ng tao tulad ng tulay, simbahan, paaralan at iba pa.

